

Ang Mungkahi ng EPA na Limitahan ang PFAS sa Iniinom na Tubig

Marso 2023

Tayo ay umaasa sa tubig sa sandaling tayo ay nagising at nagtimpla ng kape hanggang sa gabi na tayo ay nagsisipilyo. Ang bawat isa ay dapat may access sa malinis at ligtas na iniinom na tubig. Ito ang dahilan kung bakit ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay nagsasagawa ng mahalagang hakbang para protektahan ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagmumungkahi na magtatag ng isang legal na mapapatupad na mga level para sa anim na PFAS na kilalang magaganap sa iniinom na tubig, na nagsasakatuparan sa saligang pangako sa PFAS Strategic Roadmap ng Agency. Sa pamamagitan ng namungkahing tuntunin na ito, ang EPA ay nakikinabang sa pinakahuling science at pagtatatag sa kasalukuyang pagsisikap ng estado upang limitahan ang PFAS at makapagkaloob ng pambansa at nagbibigay proteksyon sa kalusugan na standard para sa mga tiyak na PFAS na ito sa iniinom na tubig.

Ano ang mga kemikal na PFAS at bakit nakikita ito sa ating iniinom na tubig?

Ang PFAS ay isang kategorya ng manufactured na kemikal na ginamit sa industriya at mga consumer product mula pa noong 1940. Ang PFAS ay may mga katangian na nakakatulong sa iba't ibang mga produkto, kasama ang nonstick cookware, waterproof na damit, at panlaban sa apoy na foam, at pati na rin sa ibang mga proseso sa manufacturing.

Ang mga tao ay maaaring malantad sa PFAS sa iba't ibang paraan. Kapag ang kanilang iniinom na tubig ay nakontamina ng PFAS, maaaring ito ay isang mahalagang bahagi ng total na pagkakalantad sa PFAS na taong iyon. Ang pagkakalantad sa PFAS sa loob ng matagal na panahon, at habang may ilang mga kritikal na pagbabago sa buhay, tulad ng pagbubuntis at sa mga lumalaking mga sanggol, ay maaaring magresulta sa mga negatibong epekto sa kalusugan.

Ang PFAS ay maaaring mahalo sa kapaligiran sa pamamagitan ng maraming iba't ibang mga pinagmumulan, at dahil may gawi ang mga ito na mawatak ng dahan-dahan sa kapaligiran, ang PFAS ay maaaring makaabot sa mga pinagkukuhanan ng tubig na inaasahan ng maraming mga komunidad para sa iniinom na tubig. Ang pagbabawas sa PFAS sa iniinom na tubig ay nakakatulong na mabawasan ang mga panganib ng PFAS sa kalusugan.

Ano ang ginagawa ng EPA para gawing ligtas ang ating iniinom na tubig?

Ang EPA ay nagsasagawa ng pangunahing hakbang para protektahan ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng National Primary Drinking Water Regulation (NPDWR) para matatag ang legal na naipapatupad na level, na tinatawag na Maximum Contaminant Levels (MCLs), para sa anim na PFAS na nakilalang nakikita sa iniinom na tubig. Ang anim na PFAS ay ang **PFOA, PFOS, PFNA, PFHxS, PFBS, at GenX Chemicals**.

Ang MCL ay nagpoprotekta sa kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagtatakda ng maximum level ng contaminant na pinapahintulutan sa iniinom na tubig na maaaring madala sa mga gumagamit ng pampublikong sistema ng tubig. Dagdag pa dito, iminumungkahi ng EPA ang batay sa kalusugan, hindi mapapatupad na Maximum Contaminant Level Goals (MCLGs) para sa anim na PFAS na ito. Ang MCLG ay ang maximum level ng contaminant sa iniinom na tubig kung saan walang kilala o inaasahang negatibong epekto sa kalusugan ng indibiduwal, na magpapahintulot sa isang palugit para sa kaligtasan.

Ano ang mga level na iminumungkahi ng EPA at ano ang kailangang gawin ng iba pang mga sistema ng tubig?

Partikular na dito, mungkahi ng EPA:

- **Ang isang mapapatupad na MCL para sa PFOA at PFOS.** Mungkahi ng EPA na bigyang regulasyon ang PFOA at PFOS sa isang level na maaaring masukat, kung saan 4 na parte kada trillion (4.0 nanograms/Liter).
- **Ang isang mapapatupad na limitasyon sa kombinasyon ng PFNA, PFHxS, PFBS, at GenX Chemicals.** Ang namungkahing tuntunin ay magpapataw rin ng mga limitasyon sa anumang mixture na naglalaman ng isa o higit pang PFNA, PFHxS, PFBS, at/o GenX

Chemicals. Para sa mga PFAS na ito, ang mga sistema ng tubig ay gagamit ng naitatag nang pamamaraan na tinatawag na hazard index calculation, na ipinapaliwanag sa namungkahing tuntunin at inilalarawan sa huling bahagi ng dokumentong ito, para matiyak kung ang **pinagsamang** mga level nitong PFAS ay may posibleng panganib. Ang pamamaraan na ito ay nagpoprotekta sa mga komunidad mula sa mga karagdagang epekto ng maraming mga PFAS kapag sama-samang nangyari.

- **Pagbabantay:** Mungkahi ng EPA ang mga kahilingan para bantayan ang anim na PFAS na batayan ng matagal nang naitatag na mga balangkas sa pagbabantay ng EPA kung saan ang kadalasan ng pagbabantay ay depende sa mga nakaraang resulta. Ang mungkahing ito ay may kasama ring kaangkupan na nagpapahintulot sa mga sistema na gumamit ng dati nang nakolektang data para masiyahen ang paunang mga requirement sa pagbabantay.
- **Abiso sa publiko.** Ang pampublikong sistema ng tubig ay kailangan rin para abisuhan ang publiko kung matuklasan sa pagbabantay na ang mga PFAS na ito ay nasa mga level na higit pa sa namungkahing regulatory standard.
- **Paggagamot.** Ang mga sistema ng pampublikong tubig ay kailangang kumilos para mabawasan ang mga level ng mga PFAS na ito sa iniinom na tubig kung humigit sa namungkahing regulatory standard. Maaaring kabilang dito ang pag-aalis ng mga kemikal na ito sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng paggagamot o paglipat sa ibang alternatibong supply ng tubig na nakakatugon sa pamantayan.

May available ba na mga teknolohiya ba sa pagsusuri at paggagamot para maalis ang anim na PFAS na ito?

May mga available na teknolohiya para mabantayan at gamutin ang anim na PFAS na ito. Ang mga teknolohiya na kayang bawasan ang PFAS sa iniinom na tubig ay kinabibilangan ng granular activated carbon (GAC), anion exchange resins (AIX), reverse osmosis (RO), at nanofiltration (NF).

Ano ang kahulugan ng proposal na ito?

Kapag nakumpleto na, hihilingin sa ilalim ng namungkahing regulasyon mula sa mga pampublikong water system na bantayan ang mga kemikal na ito. Hihilingin nito mula sa mga sistema na bigyang abiso ang publiko at bawasan ang mga level ng mga PFAS na ito kung ang mga level ay humigit sa namungkahing mga regulatory standard. Inaasahan ng EPA na lumaon, kung ganap na mapatupad, ang tuntunin ay magbabawasa sa libo-libong PFAS-na nauugnay sa mga sakit at kamatayan.

Ang mungkahing ito ay hindi nangangailangan ng anumang kilos sa mga sistema ng iniinom na tubig hangga't ang tuntunin ay natapos, at ang mga sistema ng tubig ay hihilingin na tumugon sa mga MCL makalipas na may tiyak na takdang panahon sa pagpapatupad. Inaasahan ng EPA ang pagkukumpleto sa tuntunin sa pagtatapos ng 2023.

Input ng publiko sa mungkahi

Malugod na tinatanggap ng EPA ang input ng publiko bilang parte ng regulatory development process. Ang publiko ay inaanyayahan na balikan ang mungkahi at sa nagbibigay suporta na impormasyon. Ang mga komento ay maaaring ibigay sa public docket na nauugnay sa pagtatakda ng tuntunin na ito sa [regulations.gov](https://www.epa.gov/regulations.gov), na matitiyak ayon sa Docket ID Number: EPA-HQ-OW-2022-0114. Ang mga komento ay dapat maisumite sa public docket habang isinasagawa ang 60 araw na takdang panahon para makapagbigay ng komento ang publiko.

Ikokonsidera ng EPA ang lahat ng pampublikong komento sa pagbibigay impormasyon sa development ng kumpletong regulasyon. Para sa karagdagang impormasyon at mga instruksyon kung paano magsumite ng input sa public docket, magpunta sa: www.epa.gov/dockets/commenting-epa-dockets. Ang EPA ay magsasagawa rin ng virtual na pampublikong pagdinig sa Mayo 4, 2023 kung saan inaanyayahan ang publiko na magbigay sa EPA ng mga verbal na komento. Para sa karagdagang impormasyon sa pampublikong pagdinig at kung paano makapagkaloob sa EPA ng verbal at nakasulat na mga komento, mangyaring magpunta sa: www.epa.gov/sdwa/and-polyfluoroalkyl-substances-pfas.

May pondo bang available?

Ang pagbabawas sa PFAS sa iniinom na tuig ay marahil na hihiling ng mga pamumuhunan sa imprastruktura sa tubig. Salamat sa Presidente

Ang pamumuno ni Biden at ang bipartisan na pagkilos sa Kongreso, wala pang nangyari kahit kailan ng Bipartisan Infrastructure Law \$9 billion para mapuhunan sa mga sistema ng iniinom na tubig na naapektuhan ng PFAS at iba pang mga lumalabas na contaminant. Tinitiyak ng EPA na ang mga estado, mga Tribe, at mga komunidad na ang kanilang patas na bahagi nitong puhunan para sa imprastruktura sa tubig—

lalo na sa mga lubos na hirap na mga komunidad. Kabilang sa mga pondong ito ang:

- **\$4 billion** na pumumuhunan sa pamamagitan ng **Drinking Water State Revolving Funds**, kasama ang isang requirement na kung saan naglalaan ang mga estado ng 25% ng mga dulugan na ito para sa mga naghihirap na komuniadd o sistema ng pampublikong tubig na naglilingkod sa mas kaunti sa 25,000 mga tao.
- **\$5 billion** sa mga komunidad bilang mga grant sa pamamagitan ng bagong **Emerging Contaminants in Small or Disadvantaged Communities (EC-SDC) Grant Program** ng EPA. Ang programang ito ay magtataguyod ng access sa ligtas at malinis na tubig sa maliliit, rural, at nadedehadang mga komunidad habang sinusupportahan rin ang mga lokal na ekonomiya. Noong Pebrero 2023, ipinahayag ng EPA ang pagiging available ng unang \$2 bilyon ng pagpopondong ito.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpopondo sa Bipartisan Infrastructure Law, bumisita sa: www.epa.gov/infrastructure.

Paano kung ako ay nababahala sa PFA sa aking iniinom na tubig?

Kung nakukuha mo ang iyong tubig mula sa sistema ng iniinom na tubig, makipag-ugnayan sa iyong lokal na water utility para malaman kung paano nila natutugunan ang PFAS at hilingin rin mula sa kanila na suriin ang tubig para sa PFAS o magbahagi ng impormasyon sa iyo kung nasuri na nila ang tubig. Ang ilang mga pampublikong sistema ng iniinom na tubig ay maaaring walang ganitong impormasyon. Kung piliin mong ikaw mismo ang sumuri sa tubig, mahalagang gamitin ang may sertipiko mula sa estado na laboratoryo gamit ang pagsusuri na na-develop ng EPA na mga paraan. Tiyakin sa programa sa iniinom na tubig sa iyong estado para makita kung sila ay may ipinalabas na patnubay o mga pamantayan para sa PFAS sa iyong estado at ano ang mga kilos na inirerekumenda nila o kailangan nila kapag may kontaminasyon ng PFAS. Kung ang iyong estado ay walang mga pamantayan o patnubay para sa PFAS basahin ang Health Advisory levels ng EPA para sa [ilang partikular na PFAS](#) para makuha ang payo ng EPA hinggil sa mga PFAS sa iniinom na tubig. Maaari mo rin ikonsidera ang pagkakabit ng water treatment sa bahay (hal. mga filter) na may sertipiko upang mapababa ang mga level ng PFAS sa iyong tubig. [Alamin ang tungkol sa certified na in-home water treatment filters.](#)

Upang lubos pang matutunan ang tungkol sa PFAS at mga hakbang na maaaring magawa para mabawasan ang mga panganib: www.epa.gov/pfas/meaningful-and-achievable-steps-you-can-take-reduce-your-risk

Ano ang kahulugan ng namungkahing regulasyon na ito para sa mga sambahayan ng mga pribadong balon (well)?

Habang ang Safe Drinking Water Act ay hindi nagbibigay regulasyon sa mga pribadong well at ang namungkahing tuntunin na ito ay hindi nagtatakda ng anumang mga requirement o pamantayan para sa mga may-ari ng pribadong balon, nauunawaan ng EPA na ang mga taong gumagamit ng tubig na galing sa mga pribadong balon ay maaaring mag-alala sa kontaminasyon ng kanilang iniinom na tubig laban sa PFAS o iba pang mga contaminant. Ang EPA ay mayroon rin mga mapagkukuhanan ng impormasyon upang matulungan ang mga tao na umaasa sa mga pribadong balon sa pagkuha ng kanilang iniinom na tubig.

Una sa lahat, ang EPA ay may impormasyon sa pagpoprotekta ng mga pribadong balon upang maiwasan ang kontaminasyon, sa pagsusuri sa mga pribadong balon at pagpoprotekta sa iyong kalusugan sa <https://www.epa.gov/privatewells>. (Ang Centers for Disease Control and Prevention ay nagkakaloob rin ng mga katulad na impormasyon tungkol sa mga pribadong sistema ng tubig sa <https://www.cdc.gov/healthywater/drinking/private/index.html>)

Ikalaa, kung ang mga resulta ng pagsusuri mula sa naaprubahang laboratoryo ay nagpapakita ng mga level ng PFOA, PFOS, Gen X o PFBS, basahin ang mga abisong pangkalusugan sa PFAS ng EPA sa [Questions and Answers](#) para matutunan ang tungkol sa mga kilos na maaari mong ikonsidera batay sa mga resulta ng iyong pagsusuri.

Ikatlo, ang State Drinking Water State Revolving Loan Fund na mga programa ay maaaring makapagkaloob ng pagpopondo sa mga sambahayan na pinaglilingkuran ng mga pribadong balon para makakonekta sa isang sistema ng iniinom na tubig, o para makagawa ng bagong sistema sa iniinom na tubig na maaaring sumailalim sa mga requirement para sa Safe Drinking Water Act. Ang mga pondo ng SRF ay magagamit ng mga estado para makapagkaloob ng pagsusuri sa kalidad ng tubig sa sambahayan para sa mga PFAS na ito kung saan may layunin na kumonekta sa isang pampublikong sistema ng tubig, o para makabuo ng isang bago, at para makapagkaloob ng pansamantalang household o point-of-use na mga filter hanggang maitatag ang pampublikong sistema sa tubig. Para sa karagdagang impormasyon sa mga programa sa pagpopondo na ito, mangyaring bumisita sa www.epa.gov/infrastructure.

Ang pamantayan ng aking estado sa iniinom na tubig kung may PFAS ay mas mataas kaysa sa mungkahing ito, ligtas ba ang aking tubig?

Ang mungkahing ito ay batay sa pinakahuling science at kung makumpleto, kailangang magtatag ang mga estado ng mga pamantayan na kasing higpit ng pederal na tuntunin. Sa interim, ang kasalukuyang EPA ay may Mga Abisong Pangkalusugan na nakatakda na kumikilos bilang gabay sa mga estado at mga sistema ng tubig. Ang 2022 lifetime health advisory levels ng EPA ay kumakatawan sa concentration ng indibiduwal na mga PFAS (PFOA, PFOS, GenX Chemicals, at PFBS) sa iniinom na tubig na mas mababa sa mga salungat na epektong pangkalusugan na hindi inaasahang mangyayari sa buong ikatatagal ng buhay. Mahalagang tandaan na maraming mga estad at utility ang kumikilos na para mabawasan ang PFAS sa tubig, at ang mas kaunting PFAS ay mas mabuti sa buong ikabubuhay.

Kung nakukuha mo ang iyong tubig mula sa sistema ng iniinom na tubig, makipag-ugnayan sa iyong lokal na water utility para malaman kung paano nila natutugunan ang PFAS at hilingin rin mula sa kanila na suriin ang tubig para sa PFAS o magbahagi ng impormasyon sa iyo kung nasuri na nila ang tubig. TALA: Ang ilang mga pampublikong sistema ng iniinom na tubig ay maaaring walang ganitong impormasyon. Kung piliin mong ikaw mismo ang sumuri sa tubig, mahalagang gamitin ang may sertipiko mula sa estado na laboratoryo gamit ang mga paraan ng pagsusuri na na-develop ng EPA. Tiyakin sa programa sa iniinom na tubig sa iyong estado para makita kung sila ay may ipinalabas na patnubay o mga pamantayan para sa PFAS sa iyong estado at ano ang mga kilos na inirerekumenda nila o kailangan nila kapag may kontaminasyon ng PFAS. Kung ang iyong estado ay walang mga pamantayan o patnubay para sa PFAS basahin ang Health Advisory levels ng EPA para sa [ilang partikular na PFAS](#) para makuha ang payo ng EPA hinggil sa mga PFAS sa iniinom na tubig. Maaari mo rin ikonsidera ang pagkakabit ng water treatment sa bahay (hal. mga filter) na may sertipiko upang mapababa ang mga level ng PFAS sa iyong tubig. [Alamin ang tungkol sa certified na in-home water treatment filters.](#)

Upang lubos pang matutunan ang tungkol sa PFAS at mga hakbang na maaaring magawa para mabawasan ang mga panganib: www.epa.gov/pfas/meaningful-and-achievable-steps-you-can-take-reduce-your-risk

Ito ay isang namungkahing tuntunin para mabigyang komento ng publiko. Hindi nito kailangan ng anumang mga kilos para sa mga sistema ng iniinom na tubig hangga't ang EPA ay may pagkakataon na makonsidera ang input ng publiko at nakumpleto na ang tuntunin. Sa sandaling ang tuntunin ay nakumpleto na, ang mga sistema ng tubig ay hindi hinihiling para makatugon sa mga MCL hangga't makalipas ang isang natiyak na takdang panahon ng pagpapatupad. Inaasahan ng EPA ang pagkukumpleto sa tuntunin sa pagtatapos ng 2023.

Karagdagang Background

Ano ang mga MCLG at MCL?

Ang MCLGs ay mga di mapapatupad na layunin para sa kalusugan ng publiko. Ikinokonsidera lang ng mga MCLG ang pampublikong kalusugan, hindi ang mga limitasyon sa pagtutuklas at pagagamot ng bisa ng teknolohiya. Samakatuwid, ang mga ito ay minsang natatakda sa mga level na kung saan ang mga sistema ng tubig ay hindi natutugunan dahil sa mga limitasyon sa teknolohiya. Halimbawa, kung ang isang contaminant ay kilala o marahil na carcinogen, itinatakda ang EPA ng MCLG sa 0. Ikinokonsidera rin ng mga MCLG ang mga salungat na panganib sa kalusugan sa mga sensitibong grupo, kasama na ang mga sanggol, mga bata, mga mas nakatatanda, at mga indibiduwal na immuno-compromised. Sa sandaling naitatag na ang MCLG, tinitiyak ng EPA ang MCL. Ang mga MCL ay mga napapatupad na pamantayan. Ang MCL ay ang maximum level ng contaminant na pinapahintulutan sa iniinom na tubig na maaaring madala sa mga gumagamit ng pampublikong sistema ng tubig. Para sa mungkahing tuntunin na ito, tinatasa ng EPA ang mga available na pamamaraan at mga teknolohiya sa paggamot, na ipinapakitang sumusukat at nag-aalis sa anim na PFAS na ito at nagtatakda ng namungkahing mga MCL na nalalapit sa posibleng mga MCLG hangga't posible. Tinasa rin ng EPA ang mga gastusin at mga benepisyong pagpapasya ng namungkahing mga MCL.

Ano ang Hazard Index?

Ang Hazard Index ay isang tool na ginamit para matasa ang mga panganib sa kalusugan ng patuloy na pagkakalantad sa mga mixture ng mga nauugnay na kemikal. Para maiwasan ang mga panganib sa kalusugan mula sa mga mixture ng ilang mga PFAS sa iniinom na tubig, ang EPA ay nagmumungkahi sa mga sistema ng tubig na gamitin ang Hazard Index na ito para mapamahalaan ang PFHxS, GenX Chemicals, PFNA, at PFBS. Para matiyak ang Hazard Index para sa apat na PFAS na ito, ang mga sistema ng tubig ay dapat na magbantay at ipagkumpara ang dami ng bawat PFAS sa iniinom na tubig sa nauugnay ditong Health-Based Water Concentration (HBWC), na ang antas na kung saan walang mga epektong pangkalusugan ang inaasahan para sa nasabing PFAS.

Ang mga sistema ng tubig ay magdadagdag rin ng mga value ng pagkukumpara sa bawat PFAS na nakita sa mixture. Kung ang value ay mas mataas sa 1.0, ito ay higit sa namungkahing Hazard Index MCL para sa apat na PFAS na ito. Para sa bawat gamit, nilalayon ng EPA na makapagbigay sa mga sistema ng tubig ng web based form na awtomatikong kukuwenta sa Hazard Index. Ang karagdagang impormasyon sa Hazard Index, kasama na ang halimbawa kung paano ito makukuwenta, ay matatagpuan sa mungkahing tuntunin sa: www.epa.gov/sdwa/and-polyfluoroalkyl-substances-pfas.

Ano ang PFAS at Ano ang Mga Epekto sa Kalusugan nito?

May libo-libong iba't ibang PFAS, at matatagpuan ang mga ito sa maraming iba't ibang consumer, commercial, at industrial na mga produkto. Ang PFAS ay maaaring mahalo sa kapaligiran sa pamamagitan ng maraming iba't ibang mga pinagmumulan at dahil ang mga ito ay dahan-dahan na masisira, ang mga concentration ng PFAS ay maaaring maipon sa mga tao, hayop, at sa kapaligiran lumaon at maaaring makaabot sa mga pinagkukuhanan ng tubig na inaasahan ng maraming mga komunidad para sa iniinom na tubig.

Alam na natin ngayon na ang ilang mga PFAS ay maaaring magdulot ng malulubhang problema sa kalusugan kung ikaw ay malantad sa mga ito – kahit na sa mga mababang levels – sa loob ng matagal na panahon. Ang iniinom na tubig ay isa sa maraming mga paraan kung saan maaaring malantad ang mga tao sa PFAS at ang pagbabawas ng PFAS sa iniinom na tubig ay nakakatulong na makabawas sa mga panganib sa kalusugan na may kaugnayan sa PFAS. Ang pagkakalantad sa PFAS, minumungkahi ng EPA na ang pamamahala ay makakapagpataas sa mga panganib ng maraming iba't ibang mga epekto sa kalusugan, kasama na ang:

- Mga reproductive na epekto tulad ng tumaas na presyon ng dugo sa mga buntis
- Developmental na epekto o pagkakahuli sa mga bata, kasama ang mababang timbang sa pagkapanganak, pag-iiba ng buto, o mga pagbabago sa pag-uugali
- Ang tumaas na panganib ng ilang mga uri ng kanser, kasama na ang kidney at testicular cancer
- Ang nabawasang kakayahan ng resistensya ng katawan na malabanan ang mga impeksyon, kasama ang nabawasang bisa ng bakuna
- Ang pagsasagabal sa likas na hormones ng katawan, kasama na ang thyroid hormones
- Tumaas na level ng cholesterol
- Pinsala sa atay

Ano Pa ang Ginagawa ng EPA para Mapahinto ang Polusyon ng PFAS at Para Maprotektahan ang Mga Komunidad?

Nagpalabas ang EPA ng PFAS Strategic Roadmap noong Oktubre 2021 at kumilos para mabawasan ang paghalo ng PFAS sa ating mga iniinom na tubig, sa isda at sa paglalangoy; bigyang pananagutan ang mga polluter; at pabilisin ang pananaliksik na makakatulong sa EPA at iba pang mga agency sa mga pagkilos sa hinaharap. Ang EPA ay nangangako na magsagawa ng mas malalawak na kilos para makatulong na mabawasan ang pagkakalantad ng mga American sa PFAS, kasama na ang:

- Pagbabantay sa libo-libong iniinom na sistema sa iniinom na tubig sa buong bansa para sa dose-dosenang PFAS;
- Pagsasagawa ng panghuling kilos sa proposal para makapagtalaga ng dalawang PFAS bilang “mapanganib na mga substance” para makatulong sa pagbibigay pananagutan sa mga polluter;
- Pagbibigay limitasyon sa mga discharge ng PFAS sa ating mga waterway sa pamamagitan ng pagpapalakas sa Clean Water Act standards; at
- Pagwawakas sa chemical data at mga tuntunin sa kaligtasan na magpapalawak sa ating kaalaman tungkol sa PFAS, mapahintulutan tayo na kumilos ng mas mabilis at ng may estratehiya, at mabigyang limitasyon ang legacy PFAS mula sa pagkakagawa muli.

Para lubos pang matutunan ang tungkol sa
namungkahing tuntunin, mangyari lamang bumisita sa
www.epa.gov/sdwa/and-polyfluoroalkyl-substances-pfas